

5 Bagay na Dapat Mong Malaman Tungkol sa Diskriminasyon Dahil sa Kapansanan sa Pabahay

- 1 Ang pagkakaroon ng kapansanan ay hindi makakapigil sa iyo na magmay-ari o umupa ng ari-arian.** Ang Batas Laban sa Diskriminasyon (Law Against Discrimination, LAD) ng New Jersey ay pumipigil sa mga tagapagbigay ng pabahay mula sa diskriminasyon at panliligalig sa kasalukuyan at potensiyal na mga nangungupahan batay sa isang kapansanan kapag sinusubukang magbenta, umupa, o bumili ng ari-arian. Kasama sa mga tagapagbigay ng pabahay ang mga landlord, condominium board, at asosasyon ng mga may-ari ng bahay.
- 2 Hindi ka maaaring tanggihan ng pabahay dahil sa iyong kapansanan.** Labag sa batas na pigilan ka ng mga tagapagbigay ng pabahay na magrenta o bumili ng ari-arian dahil sa iyong kapansanan. Halimbawa, hindi maaaring tanggihan ng landlord ang iyong aplikasyon sa pag-upa dahil gumagamit ka ng service dog.
- 3 Hindi maaaring hilingin sa iyo na matugunan ang iba o karagdagang mga kondisyon upang makakuha ng pabahay dahil sa iyong kapansanan.** Halimbawa, hindi ka maaaring singilin ng mga tagapagbigay ng pabahay ng dagdag na upa, maningil ng bayad para sa isang makatuwirang kaluwagan, mangailangan ng karagdagang insurance, o paikliin ang iyong pag-upa dahil sa iyong kapansanan. Ang mga landlord ay hindi maaaring humingi ng impormasyon tungkol sa iyong kapansanan bilang isang kondisyon ng iyong pag-upa.
- 4 Hindi ka maaaring paalisin dahil sa iyong kapansanan.** Hindi maaaring gamitin ng landlord ang iyong kapansanan o ang kapansanan ng isang miyembro ng pamilya bilang dahilan upang paalisin ka. Halimbawa, hindi ka maaaring paalisin ng landlord dahil sa kapansanan ng iyong anak o tumanggi na i-renew ang iyong pag-upa dahil kailangan mo ng service dog.
- 5 Ang mga tagapagbigay ng pabahay ay dapat gumawa ng mga makatuwirang kaluwagan para sa iyong kapansanan maliban kung ang paggawa nito ay magiging labis na pabigat sa tagapagbigay ng pabahay.** Maaaring kabilang sa mga kaluwagan ang pagbabago ng buwanang petsa ng upa upang matugunan kapag natanggap ang mga pagsusuri sa kapansanan o pagpapahintulot sa mga pagbabago sa isang yunit na kailangan upang matugunan ang iyong kapansanan. Kung tumanggi ang tagapagbigay ng pabahay, dapat nilang itatag na ang isang kaluwagan ay magiging isang hindi nararapat na pasanin.

Upang malaman ang higit pa o upang maghain ng reklamo, pumunta sa NJCivilRights.gov o tumawag sa 1.833.NJDCR4U. Ipinapatupad ng Dibisyon sa Mga Karapatang Sibil (Division on Civil Rights, DCR) ang LAD, na nagpoprotekta sa lahat ng tao mula sa diskriminasyon sa NJ anuman ang katayuan sa imigrasyon. Upang malaman ang higit pa, i-click [dito](#).

Pinoprotektahan ka ng LAD laban sa paghihiganti. Walang sinuman ang maaaring gumanti sa iyo para sa pag-uulat ng mga posibleng paglabag sa LAD; paghahain ng reklamo sa diskriminasyon sa loob, sa DCR, o sa korte; o paggamit ng anumang iba pang mga karapatan sa ilalim ng LAD.

Available sa iba pang mga wika sa [Seksiyon ng mga mapagkukunan](#) ng website ng DCR.

Upang malaman ang higit pa o upang maghain ng reklamo, pumunta sa NJCivilRights.gov o tumawag sa [1.833.NJDCR4U](tel:1833NJDCR4U)



Tanggapan ng Abogadong Heneral ng NJ

NJCivilRights.gov



**DIVISION ON
NJ CIVIL RIGHTS**
@CivilRightsNJ #CivilRightsNJ #StandUpAgainstHate



03/11/2024